Pasuguan Ng Pilipinas
Pakistan

Embassy of the Philippines
Pakistan

PAALALANG PANGSEGURIDAD
5 Mayo 2011

SA LAHAT NG MGA PILIPINO AT SA KANILANG MGA KAMAG-ANAK

Dahil sa kasalukuyang tensyon at banta ng terorismo bunsod na rin ng pagkakapaslang sa pinuno ng Al-Qaeda na si Osama bin Laden kamakailan, mariin pong ipinapa-alala sa lahat ng mga miyembro ng Filipino community at sa kanilang mga kaanak ang ibayong pag-iingat at ang pagiging mapagmatiyag sa kapaligiran upang maiwasan ang anumang aksidente, sakuna o alin mang kadahilanan na maaaring ikapahamak ninyo o ng inyong mga mahal sa buhay. Lahat ay pinapayuhan na:

a) Iwasang magpunta, dumayo at lumagi sa mga matatao na lugar tulad ng mga pamilihan o restoran na puntahan lalo na ng mga dayuhan, kabilang na dito ang pagpunta o paglahok sa mga pampublikong pagtitipon o demonstrasyon. Iwasan ang paglabas ng bahay kapag hindi naman mahalaga o kinakailangan ang pakay. Ang pag-iwas sa mga lugar na matatao, liblib, o madidilim anumang oras lalo na kung hindi naman kailangang puntahan ay pag-iwas na rin sa posibilidad na madamay sa aksidente, sakuna, pagdukot, o pagsabog na karaniwan nang nagaganap sa Islamabad at mga karatig pook nito;

b) Iwasang makisalamamuha sa mga taong hindi kakilala o sa mga kahina-hinala ang mga ikinikilos. Huwag magpapasok sa tahanan ng mga ganitong uri ng tao at panatilihing nakasarado at kandado ang inyong mga bakuran at pintuan sa bahay. Ito ay para maiwasan ang nakawan, pagdukot, o pagkuha ng hostage sa sariling tahanan;

c) Siguraduhing may sapat kayong imbak o suplay na pagkain (partikular na ang mga pagkaing de lata), tubig, at mahahalagang gamit na maaaring tumagal nang hanggang isang linggo. Para sa may mga sariling sasakyan, siguraduhing may sapat na karga ng gasolina o "fuel" ang nasabing sasakyan sa kadahilanang maaaring magsara ang mga gasulinahan kapag ang sitwasyon ay tuluyang lumala;

d) Palaging siguraduhin na may sapat na pera sa bahay o "ready cash" upang patuloy na may panggastos lalo na kung ang mga automated machines (ATMs) ay sarado o hindi makapaglabas ng pera;

e) Magdala parati ng listahan ng mga mahahalagang contact numbers na pupwedeng tawagan o kontakin kapag may emergency. Ilan sa mga mahahalagang numero ay ang sa Embahada ng Pilipinas, sa istasyon ng pulis, ospital, at sa mga kamag-anak at kaibigang malalapit; at,

f) Kapag may pagsabog na naganap sa iyong kinalalagyan, huwag mataranta, bagkus maging mahinahon, alerto at mapagmasid sa kapaligiran. Upang

makaiwas sa epekto ng posibleng kasunod na pagsabog, mahalagang ilayo agad ang sarili sa lugar ng pinangyarihan ng pagsabog at huwag nang maki-usyoso. Sa oras na makarinig ng pagsabog sa kinalalagyan, agad dumapa o yumuko upang maiwasan ang mga matatalas na bagay na lumilipad tulad ng bubog o pako na maari nyong ikapinsala. Kung maaari, iwasang magtago sa likod ng anumang istruktura na puwedeng gumuho.

Ang lahat ng mga nabanggit ay ilan lamang sa mga kinakailangang gawin sa panahong tulad nito. Importante lagi na maging kalmado at gamitin ang "common sense" upang mailayo ang sarili sa kapahamakan.

Para sa mga karagdagang katanungan o kailangang tulong, maaari kayong makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Pangalan	Contact Number
Vice Consul Conrado B. Demdem, Jr.	03018567956/051-2653661
Col. Reuel N. Sorilla	03008540583/051-2653667
Mr. Leonardo S. Menor	03013004093/051-2653667
Mr. Ceferino O. Matchok	03065601072/051-2653668
Mr. Simeon B. Abarquez, Jr.	03065443591/051-2653682
Ms. Juliet S. Simbul	03015299810
Mr. Salmineo de Castro	03035539957
Mr. Ferdinand U. Camacho	03155169969

JESUS I. YABES
Ambasador